

Paksa: Imbitasyon sa pagbabakuna laban sa PAPILOMA VIRUS (HPV) para maiwasan ang kanser sa cervix.

Minamahal na mga magulang,

Kami ay nagtakda ng iskedyul para mabigyan ang inyong anak ng bakuna laban sa virus na Papilloma (HPV)

Ang iskedyul para sa pagbibigay ng _____ bakuna ay itinakda sa araw ng _____ sa ganap na _____ sa sentro ng pagbabakuna na matatagpuan sa _____

Kung sakaling hindi makakapunta sa petsang ito, at/o para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa numero ng telepono _____

Ang bata ay dapat na samahan ng isa sa mga magulang. Kung sakaling hindi maaaring makasama ang magulang, maaaring magpadala ng kinatawan na itatakda sa pamamagitan ng nasusulat na otorisasyon. Sa nakasulat na otorisasyon kailangang nakasulat ang pangalan at apelyido ng taong kasama ng bata. Kailangan din ang kopya ng ID ng magulang. Alalahaning dalhin ang libro sa pagpapabakuna.

Kung ang inyong anak ay nakapagbabakuna na sa ibang lugar, hinihiling namin na ipaalam ninyo sa amin ang petsa ng pagpapabakuna para mailista sa kanyang rekord.

Ang pagbabakuna ay isang desisyon na maaaring gawin nang nalalaman ang tamang impormasyon para sa kapakanan ng kalusugan ng inyong anak, kung kaya't sasamantalahin na rin namin ang pagkakataon para mabigyan kayo ng ilang impormasyon tungkol dito.

Ang kanser sa cervix, na tumatama sa milyun-milyong babae sa Italya bawat taon, ay mula sa isang virus na napaka-karaniwan, ang human papilloma virus (HPV).

Ang 16 at 18 na uri ng virus na ito (ang pinaka-kalat at mapanganib), ang siyang may kakayahang magdulot ng pinsala na kapag hindi natukoy at nagamot ay maaaring pagmulan, sa paglipas ng panahon, ng impeksyon na magdudulot ng kanser sa cervix.

Sa kasalukuyan, wala pang lunas sa HPV na nakukuha kapag nasimulan na ang pakikipagtalik; kung kaya't ang pagpapabakuna ay nagsisilbing isang mabisang pananggalang upang iwasan ang impeksyon. Dahil dito, ang Rehiyon ng Toscana, sa pamamagitan ng Servizio Sanitario Regionale, ay nagbibigay sa lahat ng mga babaeng naninirahan sa Toscana na may edad na mula sa labingdalawa, ng pagkakataon na **mabakunahan nang libre.**

Ang pagpapabakuna ay partikular na nagbibigay ng benepisyo dahil:

- Ginagarantiyahan nito ang isang mabisang proteksyon bago pa man ang posibilidad na mahawa ng HPV, na kadalasang nangyayari matapos na masimulan na ang pakikipagtalik, panahong naiiba batay sa mga prinsipyo sa buhay ng mga tao.
- Mas mabisa ang epekto ng bakuna sa sistema ng katawan sa edad na labingdalawa kumpara sa ibang edad ng mga kababaihan.

Ang pag-aantay ng *'ilang taon pa'* dahil *'bata pa ang anak ko'* ay maaaring isang pagkakamali dahil lumilipas ang pagkakataon na makuha ang pinakamabisang epekto ng bakuna at ng tiyak na proteksyon bago pa man ang anumang posibilidad na mahawa.

Bago maipakilala ang pagpapabakuna laban sa HPV, ang Pap Test ang nag-iisang uri ng proteksyon na maaaring tumukoy nang maaga sa mga impeksyon na dulot ng HPV. Sa ngayon, ang kombinasyon ng **pagpapabakuna at Pap Test** ang siyang pinakamabisa at pinakakumpletong paraan upang maiwasan ang kanser sa cervix.

Kung kaya't binibigyang-diin na ang pagpapabakuna ay katulong na proteksyon at hindi nagsisilbing kapalit ng Pap Test na sa kasalukuyan ay iminumungkahing ipagawa kada 3 taon ng mga babaeng may edad na nasa pagitan ng 25 at 64 anyos.

Ang bakuna ay sigurado. Ang mga side effect na maaaring maranasan matapos ang pagpapabakuna (pamamaga at pamumula ng bahaging tinurukan, pagsama ng pakiramdam o kung minsan mababang lagnat) ay kadalasang nawawala nang walang anumang dapat ikabahala sa loob ng ilang araw.

Ang pagpapabakuna ay dapat na ipagpaliban kung sakaling mataas ang lagnat ng bata.

Hindi angkop ang bakuna sa mga buntis at may mga matinding alerhiya sa mga gamot at/o sangkap ng bakuna (hindi aktibo), at ito ay dapat na ipagbigay-alam sa nars o doktor.

Para sa mga impormasyon, maaari kayong sumangguni sa mga Pedyatrika o Doktor ng pamilya, o sa mga sentro ng pagpapabakuna o sa Igiene Pubblica ng Azienda USL.

Ang iba pang mga balita ay makikita rin sa internet sa kinikilalang website na:

<http://www.regione.toscana.it/iointantomivaccino>